The International Review of Multidisciplinary Research
Volume 1, Issue 5, May 2026, pp. 492-500
https://doi.org/10.5281/zenodo.20185137

# Pagsusuri sa Antas ng Kaalaman, Pagtanggap at Pagpapahalaga sa Pamahiin sa Panahon ng Gen Z

**[1]Chona M. Navarro, [2]Philip A. Perida, [3]John Benneth G. Viray**
Pampanga State University
[1]cmnavarro@pampangastateu.edu.ph, [2]faperida@pampangastateu.edu.ph,
[3]jbgviray@pampangastateu.edu.ph

**Mga Detalye ng Artikulo:**

Natanggap: 20 Abril 2026
Binago: 26 Abril 2026
Tinanggap: 30 Abril 2026
Nailathala: 14 Mayo 2026
Kaugnay na Email:
peridafhilip@gmail.com

**Inirerekomendang Sipi:**

Navarro, C. M., Perida, F. A., Viray, J. B. G. (2026). Pagsusuri sa Antas ng Kaalaman, Pagtanggap at Pagpapahalaga sa Pamahiin sa Panahon ng Gen Z. The International Review of Multidisciplinary Research. 1 (5), 492-500. https://doi.org/10.5281/zenodo.20185137

**Mga Terminong Indeks:**

paniniwala sa mga pamahiin, pagpapalakas sa kulturang filipino, papel ng Gen Z sa pagpapayaman ng kultura, preserbasyon ng mga pamahiin sa kasalukuyang panahon

**Abstrak.** Ang pag-aaral na ito ay tumalakay sa antas ng kaalaman, pagtanggap at pagpapahalaga sa mga pamahiin. Ginamit ang *sequential explanatory* na dulog upang bigyang-diin ang mga nakalap na datos mula sa mga Gen Z sa pamamagitan ng talatanungan at pakikipanayam. Para sa kanila, nabigyang-diin sa tulong ng estadistika ang naging antas ng kaalaman tungkol sa mga pamahiin at may berbal na interpretasyong alam. Samantala, ang naging antas ng pagtanggap ay natuklasang hindi gaanong katanggap-tanggap, liban sa mga pamahiin sa hapag-kainan. Mula rito ay nabuo ang mga temang naglalarawan ng respeto at mekanismo ng pag-iwas sa mali at kapahamakan na binigyang-halaga sa talakay gamit ang *Cultural Transmission Theory* ni Stuart Hall. Naipakita na walang kaugnayan ang kanilang sosyo-propayl tulad ng kasarian, espesyalisasyon, at lugar ng tirahan sa antas ng kaalaman at pagtanggap sa mga pamahiin tungkol sa hapag-kainan, pagpapatayo ng bahay at pagtulog sa gabi. Subalit, may kaugnayan ang kasariang babae sa antas ng kaalaman sa mga pamahiin tungkol sa patay o burol. Samantala, may kaugnayan naman ang kasarian sa pagtanggap sa mga pamahiin sa kasal at pagbubuntis. May kaugnayan naman sa antas ng kaalaman ang espesyalisasyon ng mga kalahok sa kursong Edukasyon kung ang mga pamahiin sa pagsapit ng gabi ang tinutukoy at ang lugar ng tirahan, ang rural, para sa antas ng pagtanggap. Ipinakikita na may alam ang Gen Z sa mga pamahiin, pinahahalagahan ito, subalit di-gaanong tinatanggap sa kabuuan at ang papel sa pagpapalakas ng kultura hinggil sa pamahiin ay iminumungkahing bigyang-pansin sa tulong ng edukasyong pangkultura para sa mas matibay na pag-aakda ng maka-Filipinong identidad.

## Panimula

Sa paglipas ng panahon, hindi maitatanggi na may mga paniniwala na kasabay ring lumipas. Maaaring may ilan pang nananatiling buhay at pinaniniwalaan hanggang ngayon, at may ilan namang unti-unti nang nakakalimutan o namamatay. Mayaman ang anumang panahon pagdating sa paniniwala, sapagkat ito ay bahagi na ng makulay na kultura at kabihasnan. Nagsisilbi rin itong pagkakakilanlan ng lahi at maaaring sa tulong nito ay mabakas ang nakaraan kung paano nagtagumpay o nabigo ang isang lahi. Isa sa mga ito ang hindi mabilang na pamahiin ng mga Pilipino na hanggang sa kasalukuyan ay sinasambit pa rin at ipinapaalala ng mga nakatatanda sa nakababata, lalo na ang kabataan. Maraming aral ang maaaring mapulot sa mga ito kahit na ipinalalagay na walang malalim na batayan kung iisipin. Marami ring nagsasabi na wala namang mawawala sa isang tao kung ito ay susundin o paniniwalaan. Marami rin ang sumusunod dito bilang pagrespeto sa kultura. Kung iisipin nang mabuti, marahil iisa lamang ang dahilan o layunin sa paniniwala at pagsunod dito ng mga Pilipino: ang ikintal sa puso't isipan ng bawat isa ang ibayong pag-iingat sa lahat ng panahon.

Kilala rin ang ating kultura sa mayamang paniniwala sa mga pamahiin na nagsisilbing gabay sa araw-araw nating pagtahak sa mundong ating ginagalawan. "Huwag isukat ang damit na pangkasal, malas." Ito lamang ay isang halimbawa ng pamahiin sa babaeng ikinakasal na kadalasan ay sinasabi ng ating mga lolo at lola o ng sinumang nakatatanda sa atin. Pinaniniwalaan na ang mga pamahiin ay walang rasyonal o siyentipikong batayan ngunit nagkakaroon ng epekto sa ating pagiging Pilipino sa maraming paraan (Bautista, et.al., 2020). Maging ito man ay may malalim na koneksyon sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga tao. Patunay lamang na bagama't wala itong rasyonal o siyentipikong batayan ay hindi matatawaran

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

ang malalim na pagpapahalaga ng mga tao sa pamahiin bilang patnubay sa pang-araw-araw na pamumuhay o maging sa mga mahahalagang kaganapan na kailangang pagtagumpayan.

Ayon kay Siojo (2015), binanggit sa pag-aaral ni Portillo (2022), ang pamahiin ay bunga ng mga paniniwala na nagaganap sa paligid at ng impluwensya ng mga tao na maaaring nag-ugat pa sa kanunuan ng isang lipi o lahi. Maaaring bunga ng pagiging ignorante, kawalan ng kaalaman, labis na pananalig sa hiwaga na mayroon ang isang bagay, at hindi na maipaliwanag na paniniwalang mula sa matandang henerasyon. Nagpapatunay lamang ito na ang pamahiin ay hindi isang kabute na bigla na lamang lumitaw at pinaniwalaan ng mga tao. Ito ay may malalim na pinag-ugatan at batay sa mga pangyayari na may kinalaman sa kanilang panahon na hindi pa natutuklasan ang ibang kaalaman, at impormasyon tungkol sa mga bagay-bagay mula sa paligid.

Kung babalikan ang mayamang kasaysayan ng sinaunang panahon, madalas na mababasa na ang paniniwala sa mga pamahiin ay nag-ugat din sa paniniwala sa mga elemento o laman-lupa na hindi nakikita. Ayon kay Emelia et al. (2025), may nagaganap na ugnayan ang mga pamahiin sa pagitan ng sikolohikal at sosyokultural na aspekto at nagiging sanhi ito ng pagpapanatili ng kaayusan at relasyon. Sa madaling sabi, ito ay isang paniniwala sa pagbibigay ng respeto o paggalang bilang pag-iingat na rin upang hindi maparusahan ng kung sinuman, ito man ay nuno o laman-lupa, at makaiwas din sa isang hindi inaasahang aksidente na puwedeng mangyari dulot ng pagsuway.

Ayon kina Dela Cruz at Manarang (2020), maituturing ang paniniwala sa mga pamahiin gayundin ang pagsasabuhay nito, paniniwala sa mga elemento at pagtupad sa mga tradisyon tungkol sa patay bilang kontemporaryong gawain dahil hanggang sa kasalukuyan ay isinasagawa pa rin ang mga ito. Maiuugnay rin ito sa mga paniniwalang hanggang ngayon ay sinusunod pa rin ng mga Pilipino tulad ng pamahiin sa pag-aasawa, panganganak, patay o burol, pagpapatayo ng bahay, pagdulog sa hapag-kainan, pag-aaral, pagbibinyag, pagnenegosyo at marami pang iba na halos sinasaklaw na ang buong aspeto ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga tao. Patunay lamang ito na maaari pa ring mabakas ang malalim na pagsunod at paniniwala ng mga tao sa kultura ng pamahiin. Ang pagbibigay-halaga rito ay hindi pa rin kumukupas sa kabila ng katotohanang wala namang siyentipikong pinagbabatayan ang lahat ng mga ito. Para naman kina Besa et al. (2021), ang mga pamahiin ay dapat ituring na tradisyun na kailangang igalang at ituro sa mga bata hanggang sa paglaki.

Isa ang mga Gen Z sa mga maaaring magbigay ng katiyakan upang mapanatiling buhay at maipasa ang kulturang ito sa mga susunod pang henerasyon. Kaya naman positibo ang pananaw na sa tulong ng henerasyong ito ay patuloy na mananatiling buhay ang mga pamahiin sa kabila ng mabilis na pagbabago ng lipunan dahil sa malawak na akses ng kabataan sa sosyal midya at maging sa internet. Ang mga pagbabagong ito ay maaaring magbigay ng mabuti at masamang epekto sa pagpapanatiling buhay ng mga pamahiin. Dahil sa makabagong pamumuhay ng mga Gen Z sa tulong ng teknolohiya, maaaring makatulong ito sa pagsasabuhay, lalo na at madalas silang gumagamit ng sosyal midya, at maaari pang maisulong ang preserbasyon ng kultura (Formanes et al., 2025).

Samantala, batay naman sa pag-aaral ni Galdonez et al. (2022), lumitaw na malaki ang ginagampanang papel ng nakatatanda para sa pagpapanatiling buhay ng mga pamahiin sa paniniwala ng mga mag-aaral, lalo na ng mga mag-aaral sa hayskul, na, ayon sa ginawang pananaliksik, ay madalas kinokontra rin ng sosyal midya at mga makabagong teknolohiya ang paniniwala rito ng mga mag-aaral.

Sa bawat henerasyon, may mga paniniwala at kaugalian na nagbabago at nag-aangkop sa kasalukuyang panahon. Ang mga pamahiin na bahagi ng ating mayamang kultura at tradisyon ay patuloy na nagiging bahagi ng pang-araw-araw ng mga Pilipino. Sa pag-usbong ng henerasyong Gen Z, mahalagang maunawaan kung paano nila inuunawa, tinatanggap at pinapahalagahan ang mga pamahiin sa modernong konteksto. Sa mabilis na pagiging moderno ng teknolohiya sa kasalukuyang panahon, unti-unti nitong binabago ang mga paniniwala at kulturang Pilipino (Sario, 2017)

Idagdag pa rito ang isang persepsyon ng mga Gen Z sa artikulo ng Republic Asia na inilathala nitong nakalipas na Mahal na Araw, Marso 2024, sa panulat ni Naoimi Ferwelo na higit na binibigyang-pansin sa kasalukuyan ng isang Gen Z ang ispiritwal na koneksyon nito sa pananampalataya kaysa sa pagsunod sa mga pamahiing ispiritwal kapag Mahal na Araw tulad ng hindi paliligo pagkalipas ng alas 3:00 ng hapon dahil patay na raw si Hesus. Kasama na rito ang hindi paliligo sa dagat dahil nangunguha ang dagat ng alay. Dagdag din dito ang hindi paglabas ng bahay dahil sa takaw-aksidente kapag Mahal na Araw. Kasama rin dito ang hindi pagpapatugtog nang malakas dahil kailangang maningil at mag-alay ng katahimikan.

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matuklasan ang antas ng kaalaman, pagtanggap at pagpapahalaga ng mga kabataang mag-aaral na Gen Z partikular na sa kolehiyo hinggil sa mga pamahiin. Sapagkat malaki ang maitutulong ng pagsusuring ito upang masukat ang antas ng kaalaman at pagtanggap ng kabataang Gen Z para sa pagpapanatili ng nakamulatang kultura at tradisyon. Maaaring higit pang mapalalim ang pag-aaral nito bilang salamin ng masining na kulturang mayroon ang lahing

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

kayumanggi sa pamamagitan ng paglalahok nito sa nagbabagong kurikulum ng edukasyon na MATATAG upang hindi makalimutan at lubos na pahalagahan pa sa paglipas ng panahon.

Ayon nga sa Saligang Batas 1987, Artikulo XIV, Seksyon 2, dapat maging bahagi ng kurikulum ang pagkintal ng damdaming makabayan at nasyonalismo. Bahagi ng pagiging makabayan at nasyonalismo ang pagbibigay ng respeto sa mayamang kultura at paniniwala na mayroon ang isang Pilipino. Binibigyang-pansin din nito ang pagpapayaman sa kulturang nakamulatan at hindi ang pagbura nito. Sa pamamagitan din ng pagsusuri sa kanilang opinyon at karanasan, layunin din ng pag-aaral na ito na mabigyang-linaw kung nagbabago o nananatili ang mga pamahiin sa kabila ng mabilis na pagbabago ng teknolohiya at kultura sa panahon ng Gen Z.




*Larawan Blg. 1. Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral*

Ipinapakita ng Pigura 1 ang sistematikong daloy ng pag-aaral sa pamamagitan ng anim na kahon na nagsilbing gabay ng mga mananaliksik. Kabilang dito ang pagpili ng mga respondente, pangangalap ng datos gamit ang talatanungan upang masukat ang kaalaman at pagtanggap ng Gen Z sa pamahiin, at pakikipanayam upang matukoy ang kanilang pagpapahalaga. Sumunod na hakbang ang pagsusuri ng datos kung saan ginamit ang Mean upang matukoy ang antas ng kaalaman at pagtanggap, at Correlation upang malaman kung may makabuluhang ugnayan ang sosyo-propayl ng mga respondente sa mga nabanggit na antas. Sa huli, isinagawa ang pagbuo ng tema mula sa panayam upang mailarawan ang pagpapahalaga sa pamahiin, na higit pang pinalalim gamit ang Teoryang Cultural Transmission ni Hall. Sa kabuuan, pinagsanib ang kuwantitatibo at kuwalitatibong pamamaraan upang makalikom ng malinaw, sapat, at makabuluhang datos na sasagot sa mga suliranin ng pag-aaral.

*Mga Tanong sa Panaliksik*

Nilayon sa pag-aaral na matukoy ang antas ng kaalaman, pagtanggap at maging pagpapahalaga sa pag-aaral na ito upang maabot ang mga layuning ito ay sinagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Paano mailalarawan ang propayl ng mga respondente batay sa:
   1.1 Kasarian
   1.2 Espesyalisasyon
   1.3 Lugar ng Tirahan
2. Paano mailalarawan ang antas ng kaalaman, at pagtanggap ng mga Gen Z sa mga pamahiin?
3. Paano mailalarawan ang mga temang mabubuo sa pagbibigay-halaga ng mga Gen Z sa mga pamahiin?
4. May makabuluhang kaugnayan ba ang sosyo-propayl ng mga respondente sa antas ng kaalaman at pagtanggap sa mga pamahiin?

## Metodolohiya

*Disenyo ng Pag-aaral*

Ang pag-aaral na ito ay isang desinyong sequential explanatory sapagkat kinasasangkutan ng mga proseso tulad ng sarbey, panayam, at pagsusuri sa mga datos. Ayon kay Toyon (2021), ang ganitong disenyo ay inuumpisahan muna sa pamamagitan ng kuwantitatibong pangangalap ng datos, pagkatapos ay susundan ng kwalitatibong pamamaraan.

*Kalahok ng Pag-aaral*

© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.

Ang mga piniling respondente sa pag-aaral na ito ay kabilang sa tinatawag na Generation Z o sa mas kilalang tawag na Gen Z. Sila ay mga mag-aaral mula sa Kolehiyo ng Edukasyon sa iba't ibang programa na isinilang sa pagitan ng taong 1997 at 2012.

*Instrumento ng Pag-aaral*

Ginamit bilang instrumento ng pag-aaral ang talatanungan para sa sarbey, at maging sa pakikipanayam. Ang paghahanda ng mga instrumento sa isang pag-aaral ay nangailangan ng istandardisasyon sa pamamagitan ng mga isinagawang balidasyon ng tatlong eksperto; una ay sa dalubhasa sa sosyolohiya. Ikalawa ay sa guro ng wikang Filipino at ikatlo't pinakahuli ay sa dalubhasa sa pag-aaral ng kultura.

*Paraan ng Pangangalap ng Datos*

Sa pagsasakatuparan ng pag-aaral ay minabuti ng mga mananaliksik na umpisahan ang lahat ng hakbang at proseso sa paghingi ng pahintulot mula sa Dekana ng Kolehiyo ng Edukasyon at maging sa mga tagapangulo ng bawat programa. Sinundan ito ng pagpapamudmod ng mga talatanungan para sa isinagawang sarbey sa mga piling respondente.

Pagkatapos ay isinagawa naman ang pakikipanayam bilang bahagi pa rin ng pangangalap ng datos sa mga respondente. Sinundan ito ng pagsasagawa ng pagkuwenta sa mga datos na nakuha bilang tugon sa sarbey at pagtranskripsiyon ng mga sagot sa pakikipanayam upang ihanda sa pagbuo ng mga tema bilang bahagi pa rin ng proseso sa pangangalap ng datos.

*Pagsusuri ng Datos*

Ginamit sa pag-aaral ang mean upang malaman ang pangkalahatang antas ng kaalaman at pagtanggap ng mga respondent sa pamahiin. Bawat sagot sa talatanungan ay inipon, kinuha ang kabuuan, hinati sa bilang ng kalahok, at binigyang-kahulugan batay sa itinakdang iskala para sa kaalaman at pagtanggap. Pagkatapos nito, sinuri naman kung may makabuluhang kaugnayan ang mga sosyodemograpikong profayl tulad ng kasarian, espesyalisasyon, at tirahan sa antas ng kaalaman at pagtanggap gamit ang Pearson Correlation at p-value. Para sa bahagi ng pagbibigay-halaga, gumamit ng mga panayam at tematikong pagsusuri upang maihanay at mapangkat ang mga sagot ng mga kalahok, na sinuportahan pa ng mga kaugnay na literatura, pag-aaral, at teoryang Cultural Transmission ni Hall. Sa kabuuan, maingat na pinroseso ang lahat ng datos upang mabuo ang mga tema, mailahad ang mga interpretasyon, at masagot ang mga suliranin ng pag-aaral.

*Etikal na Pagpapalaya*

Ang mga impormasyong may kinalaman sa personal na pagkakakilanlan ng mga respondente, maging sa mga naging tugon, ay pinanatiling pribado bilang pagtalima sa itinatadhana ng Data Privacy Act ng 2012. Ginamit din ang informed consent upang sa gayon ay masunod ang mga legal na proseso bago isinagawa ang pakikipanayam. Sinikap ng mga mananaliksik na walang pag-aatubili na lahat ng mga prosesong legal sa pananaliksik ay parating maisasaalang-alang sa lahat ng pagkakataon.

## Resulta at Talakayan

*Ang Paglalarawan sa Sosyo-Propayl ng Mga Respondente*

Sa paglalarawan sa sosyo-propayl ng mga kalahok, lumitaw ang bilang na kumakatawan sa pagkakahati sa kasarian ng mga respondente batay sa kanilang pagtatala sa talatanungang sinagutan sa sarbey. Sa kasariang babae, nakapagtala ang mga mananaliksik ng bilang na 219 na may bahagdang 72%, samantalang sa kasariang lalaki ay may bilang na 86 na may bahagdang 28%. Sa kabuuan, ito ay may bilang na 305 na respondente. Sa programa o espesyalisasyon, ang pinakamalaking bahagdan ng mga respondente na kumatawan ay kumukuha ng espesyalisasyon mula sa Bachelor in Secondary Education Major in English na may bilang na 61 at bahaging 20%, sinundan ito ng Bachelor in Secondary Education Major in Filipino na may bilang na 55 at bahaging 18.03%. Nasa ikatlong puwesto naman ang Bachelor in Physical Education na may bilang na 52 at bahagdang 17.04%, sinundan sa ikaapat na puwesto ng Bachelor in Elementary Education na may bilang na 45 at bahagdang 14.75%. Nasa ikalimang puwesto ang *Bachelor in Secondary Education Major in Mathematics* at maging ang *Bachelor in Early Childhood Education* na may magkaparehong bilang na 15 at bahagdang 4.91%. Samantala, sa tirahang rural ay nakapagtala ang mga mananaliksik ng bilang na 167 na may bahaging 55%, samantala sa tirahang urban ay may bilang na 138 na may bahaging 45%. Sa kabuuan, ito ay may bilang na 305 na respondente.

*Ang Paglalarawan sa Antas ng Kaalaman at Pagtanggap ng mga Mag-aaral na Gen Z sa mga Pamahiin*

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Sa kabuuan ng pagsusuri sa mga pamahiin ukol sa hapag-kainan, lumitaw sa pagkukwenta na nakapagtamo ito ng mean na 3.02 at may berbal na interpretasyong Alam. Samakatuwid, ito ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay may kaalaman sa mga pamahiin tungkol sa Hapag-Kainan. Hindi na nakapagtataka ang resultang ito sapagkat para sa mga respondente, batay na rin sa naging pagpapahalaga nila sa mga pamahiin, sang-ayon sa pakikipanayam, higit nilang pinahahalagahan ang respeto bilang bunga ng paniniwala sa pamahiin. Sang-ayon din sa kahalagahan ng pagkain sa hapag-kainan ay hindi dapat ito winawalang respeto dahil ang pagkain ay mahalaga at ang pagpapahalaga rito ay isang patuloy na pagdaloy ng biyaya. Kaugnay rin nito ang naging datos sa antas ng pagtanggap na natuklasan na ang mga pamahiin sa hapag-kainan ay itinuturing na katanggap-tanggap dahil sa pagtatamo nito ng mean na 2.61.

Pagdating naman sa kabuuan ng pagsusuri sa antas ng kaalaman sa mga pamahiin tungkol sa patay o burol, nakapagtamo ito ng mean na 2.92 at may berbal na interpretasyong Alam. Samakatuwid, ito ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay may kaalaman sa mga pamahiin tungkol sa Patay o Burol. Samantala, sa antas ng pagtanggap, nakapagtamo lamang ito ng mean na 2.42 at hindi gaanong katanggap-tanggap. Samakatuwid, ito ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay hindi gaanong tinatanggap ang mga pamahiin tungkol sa patay o burol sa kabila ng pagiging maalam sa mga ito. Nagpapakita ito ng praktikalidad sa paniniwala, sapagkat karamihan ng mga pamahiin sa patay ay nagdudulot ng takot na kung susuriin ay hindi kapani-paniwala para sa mga taong may kritikal na pag-iisip at mulat sa mga siyentipikong kaalaman.

Kung ang pag-uusapan naman ay mga pamahiin sa kasal, nakapagtamo ito ng mean na 2.51 at may berbal na interpretasyong alam, samantalang sa antas ng pagtanggap, nakapagtamo ito ng mean na 2.21 at may berbal na interpretasyong hindi gaanong katanggap-tanggap. Samakatuwid, ito ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay hindi gaanong tinatanggap ang mga pamahiin tungkol sa kasal bagama't may kaalaman sa mga ito. Dito makikita ang matalik na ugnayan ng pagiging kritikal sa pagtanggap ng mga payo na iminumungkahi ng mga pamahiin kung ito ay paniniwalaan, sapagkat kadalasan sa mga pamahiin sa kasal ay hindi maiwawalay na ang mga ito ay nagpapahiwatig ng takot sa magpapakasal dahil sa maaaring idulot na kamalasan. Subalit ang ganitong pananaw ay hindi na madalas tinatanggap, dahilan na rin ng pagbabago sa mga paniniwala at takbo ng mga sistema sa lipunan. Magkagayunpaman ay idinidiin pa rin na wala namang masama kung ito ay paniniwalaan.

Pagdating naman sa kabuuan ng pagsusuri sa antas ng kaalaman sa mga pamahiin tungkol sa Pagsapit ng Gabi ay nakapagtamo ito ng mean na 2.51 at may berbal na interpretasyong Alam. Samantala, sa antas ng pagtanggap ay nakapagtamo ito ng mean na 2.06 at may berbal na interpretasyong hindi gaanong katanggap-tanggap. Ipinahihiwatig din nito ang salungat na datos na may alam ang mga Gen Z sa ganitong pamahiin, subalit hindi gaanong tinatanggap. Nagpapakita ito ng malalim na ugnayan ng kritikal na pag-iisip at praktikalidad dahil maaaring isipin na sa kasalukuyan ay hindi na pinaniniwalaan ang mga laman-lupa bilang banta sa paglabas tuwing gabi. Nagpapahiwatig din ito na ligtas na ang lumabas tuwing gabi, ngunit kailangan pa rin ang pagsunod sa mga regulasyon tulad ng curfew.

Kung ang mga pamahiin sa pagpapatayo ng bahay ang pag-uusapan, nakapagtamo ito ng mean na 2.52 at may berbal na interpretasyong Alam. Subalit, naitala naman ang mean na 2.18 at may berbal na interpretasyong hindi gaanong katanggap-tanggap. Ipinakikita pa rin ng mga datos ang magkasalungat na pananaw hinggil sa mga pamahiin sa pagpapatayo ng bahay. Maiuugnay ang datos na ito sa praktikalidad pa rin ng paghahanda sa pagpapatayo ng bahay sapagkat maaaring tingnan ang kahandaan ng mga mag-aaral. Maaaring hindi pa nila ito naiisip, dahil wala pa sila sa estado ng pagpapamilya.

Pagdating naman sa kabuuan ng pagsusuri sa antas ng kaalaman sa mga pamahiin tungkol sa pagtulog sa gabi nakapagtamo ito ng mean na 2.79 at may berbal na interpretasyong Alam. Salungat ito sa datos na naitala sa antas ng pagtanggap dahil nakapagtamo ito ng mean na 2.35 at may berbal na interpretasyong hindi gaanong katanggap-tanggap. Magkasalungat man ang mga datos na naitala, ipinakikita nito ang estado ng kaalaman at pagtanggap bilang magkahiwalay na usapin. Kung susuriin, malaki ang naging implikasyon sa paniniwalang ito ng teknolohiya, lalo na ang paggamit ng sosyal midya. Maaaring ang mga pamahiin na nagbibigay ng babala sa pagtulog sa gabi ay sinasalungat ng mga impormasyon na inihahatid ng sosyal midya dahil sa mga nilalaman nito na puno ng mga siyentipikong batayan imbes na kultural. Ito ang nakikitang dahilan sa mababang antas ng datos sa pagtanggap.

At sa pinakahuling kategorya ng mga pamahiin tungkol sa pagbubuntis hanggang sa pagkapanganak ay nakapagtamo ito ng mean na 2.62 at may berbal na interpretasyong Alam. Salungat pa rin ito sa datos sa antas ng pagtanggap na nakapagtamo ng mean na 2.24 at may berbal na interpretasyong hindi gaanong katanggap-tanggap. Samakatuwid, ito ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay hindi gaanong tinatanggap ang mga pamahiin sa kabila ng kaalaman hinggil dito. Maaaring tingnan sa mga datos na ito ang puwang ng mga kaugnay na siyentipikong batayan upang ito ay tanggapin. Bagama't bahagi ng mayamang paniniwala ay hindi maiwawalay ang mga kaugnay na banta sa pagbubuntis na maaaring magdulot ng suliranin. Subalit usapin pa rin ng praktikalidad ang pagtanggap dito dahil na rin sa maunlad na kaalamang inihahandog ng medisina para sa mga nagdadalang-tao.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

*Paglalarawan sa Pagpapahalaga ng mga Mag-aaral na Gen Z sa mga Pamahiin*

Ang temang "Pagsunod sa mga Pamahiin: Bunga ng Paniniwalang Nagpapahalaga sa Kultura at Tradisyong Nakamulatan" ay nagpapakita ng kahalagahan sa pagsunod sa nakagawiang paniniwala, paniniwala dahil sa turo at payo ng nakatatanda, magulang at ibang tao, at paniniwalang nakaugnay sa mayamang kultura at tradisyong nakamulatan. Ipinakikita nito kung paano binibigyang halaga ng mga kalahok ang paniniwala sa mga pamahiin bilang pagtalima sa mga kautusan ng nakatatanda at pagpapakita na rin ng respeto. Patunay rito ang siping pahayag na;

> *"Ito ay naging parte na ng aking pamumuhay dahil nagagamit ko ito upang mabigyan ng solusyon ang ilan sa mga problemang kinakaharap ko. Ito ay parte na ng kultura ng mga Pilipino dahil ito ay ipinapasa sa bawat henerasyon."* (k8)

Samantala, higit pang pinatitingkad ang kaalamang ito ng temang "Pagpapahalaga sa mga Pamahiin: Isang Paniniwalang Walang Bahid ng Pag-aalinlangan" ay nagbibigay-paalala sa paniniwalang walang mawawala kung paniniwalaan at hindi mag-aalinlangan, sapagkat nagbibigay ito ng kasiguraduhan sa implikasyon ng pagsunod sa mga pamahiin na hindi dapat ito katakutan, bagkus kailangang gamitin bilang gabay upang maiwasan ang anumang kapahamakan na maaaring maganap. Patunay rito ang siping pahayag na;

> *"Wala namang mawawala kung ito ay aking susundin at papaniwalaan, kaya patuloy ko pa rin itong ginagawa."* (k2)

Binibigyang-diin pa rin ang ganitong paniniwala sa mga pamahiin sa pamamagitan ng temang "Mayamang Kaalaman at Karanasan: Tulay para sa mas Matibay na Paniniwala at Pagpapahalaga sa mga Pamahiin" na nagbibigay katwiran sa paniniwalang bunga ng karanasan at mayamang kultura, at paniniwalang nagbibigay ng kaalaman at aral sa paglipas ng mahabang panahon. Ipinahihiwatig nito na ang mga pagsunod sa pamahiin ay tumatak na sa puso't isipan ng mga kalahok dahil ito ay naging bahagi ng mga paalala at laman ng diskursong pampamilya. Patunay rito ang siping pahayag na;

> *"Pinaniniwalaan ko ang mg pamahiin kahit wala itong syentipikong batayan, dahil palagi ko ng naririnig ang mga ito simula bata pa lang ako. Tumatak na ang mga ito sa aking isipan."* (k5)

Ang ganitong paniniwala ay higit pang pinatatatag ng temang "Malalim na Pagpapahalaga sa mga Pamahiin: Isang Danas Mula sa Kaalamang Natutunan sa Akademya, Simbahan at mga Albularyo" na maaaring impluwensya ng paniniwalang itinuro ng simbahan, paniniwala mula sa albularyo at lampas sa mga kaalamang natutunan sa akademya. Nagbibigay ito ng matingkad na paniniwala na ang mga pamahiin ay kailangan tiyaking nabubuhay at naipapasa sa mga susunod pang heneasyon upang maipagpatuloy ang pagpapahalaga sa mga ito. Patunay rito ang siping pahayag na;

> *"…isinasapamuhay ko ito sa pamamagitan ng pagsunod kahit na minsan ay kabaliktaran ito ng aking mga natutunan sa paaralan."* (k7)

Kaugnay rin ng ganitong pagpapahalaga ang temang "Matalinong Pagpapasya na Walang Bahid ng Pagsisisi: Bunga ng Malalim na Pagpapahalaga at Pagsunod sa mga Pamahiin" nagbibigay-pansin sa paniniwalang may katotohanan at kapalit na kaparusahan kung hindi susundin, at paniniwala para sa tamang pagpapasya at walang bahid ng pagsisisi. Ito ay nagpapakita na ang pagsunod sa mga pamahiin ay may malalim na ugnayang pansarili at kultural dahil ipinapaalala nito ang mga epekto ng hindi pagsunod sa pamahiin ay nangangahulugang katumbas ng pagbalewala sa sariling nararamdaman at kalayaan sa pag-iisip. Patunay rito ang siping pahayag na;

> *"Isinasapamuhay ko ang mga pamahiin na aking pinaniniwalaan sa pamamagitan ng pagiging maingat sa aking mga kilos at desisyon na aking ginagawa at gagawin pa lamang."* (k12)

Sinisiguro rin ng paksang ito ang pagpapaplawak sa saklaw ng mga pamahiin na binibigyang-diin ng temang; *"Pagsasabuhay sa mga Pamahiin: Hakbang Tungo sa Pagpapanatili ng Mayaman at Makulay na Kulturang Pilipino",* na kung saan ay tinitiyak ang pagpapanatili sa mayamang kultura at kabihasnan. Ito ay upang mapanatili ang mayamang kultura ng pamahiin bilang mekanismo sa matalinong pagpapasya na hindi hahantong sa masamang resulta at bunga ng pagsunod sa pagtitiyak ng kaligtasan at kaayusan. Patunay rito ang siping pahayag na;

> *"Binubuhay din ng mga pamahiin ang ating kultura at sinisiguradong maipapasa pa ito sa mga susunod sa henerasyon at hindi lang basta maiiwan sa nakaraan."* (k10)

Ipinapaalala rin ng temang "Subok na Pananalig sa mga Pamahiin: Proteksyon Laban sa Anumang Sakuna, Aksidente at Kamalasan" ang mga posibleng mabuting maidudulot ng pagsunod sa mga pamahiin upang mailayo sa anumang sakuna,

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

aksidente at kamalasan. Nagpapahiwatig ito ng kaisipang hinubog ng pagsunod sa mga pamahiin na ang pananalig ay nakatuon sa paghahangad ng kabutihan para sa kapwa at sariling kapakanan. Patunay rito ang siping pahayag na;

> *"Napapansin kong madalas akong kumapit sa mga pamahiin kapag nararamdaman kong may mga masasamang mangyayari. Kapag may enerhiyang negatibo sa silid-aralan, kapag naiisip kong posible akong makakuha ng mababang marka, at kapag kailangang ingatan ang sarili dahil malapit na ang mga malalaking pangyayari katulad ng pagtatapos."* (k10)

Bilang paglalagom sa mga naunang tema, maisasakonteksto ang lahat ng mga ito sa pamamagitan ng temang *"Pagiging Magalang, Disiplinado at Mapagmalasakit sa Kapwa: Bakas ng Malalim na Pagpapahalaga sa mga Pamahiin",* mga paniniwala para sa pagpapatatag ng sarili, pagiging disiplinado, at paggalang sa kapwa, at paniniwala na maaaring maibahagi sa kapwa. Ang mga ito ang pinakaubod ng pagpapanatili sa mga pamahiin na buhay sa henerasyong ito at magpapatuloy na paalala sa mga Gen Z. Patunay rito ang siping pahayag na;

> *"Sa pamamagitan po ng mga pamahiing aking pinaniniwalaan, mas nagiging maingat po ako sa pagdedesisyon at nahuhubog ang pagiging magalang at marespeto."* (k17)

Mahalaga ang ugnayan. Sang-ayon din ito sa simulain ng teorya ng "Cultural Transmission" ni Hall sapagkat ito ang magsisilbing daan upang ganap na maipasa ang mga yaman ng henerasyong ito tungo sa kasunod na henerasyon. Sa tulong nito ay mas dapat mapagtuunan ng pansin ng isang Gen Z ang pagiging disiplinado at marespeto sa kanyang sarili. Kailangan ito upang matutunan kung paano irerespeto rin ang kapwa. Ang mga ito ay napatunayan na maaaring madebelop sa tulong pa rin ng mga pamahiin sapagkat kapares nito ang pagpapahalaga bilang respeto sa kultura at tradisyon. Sa pamamagitan nito ay mas lalong nagkakaroon ng ugnayan ang bawat isa sa isang maayos na pamamaraan at ito rin ang magtutulak para sa higit at puspusang paniniwala, pagtanggap at pagpapahalaga sa mga pamahiin. Ayon nga kay Tirocchi (2024), mahalaga na dapat masuri ang mga kaalaman na dapat pahalagahan sapagkat ang mga Gen Z ay kritikal na kailangang mag-isip at laging isinasaalang-alang ang praktikalidad ng bawat kultura para sa kanilang pangangailangan. Patunay lamang ito na sa kabila ng pagiging maalam ng mga Gen Z sa pamahiin, at hindi gaanong pagtanggap sa mga ito ay hindi maiwawalay na may malalim pa ring pagpapahalaga rito ang henerasyong ito. Kailangan lamang na maipaunawa sa kanila ang praktikalidad ng mga ito sa pagsunod na maibubuod sa pag-iwas sa mali, paglayo sa kapahamakan, at pagiging alisto; mga katangian na kailangan isapamuhay ng mga Gen Z bilang mekanismo sa pagharap sa mga pagbabagong nagaganap sa mundo at magaganap pa.

*Paglalarawan sa Pagkakaroon ng Ugnayan ng Sosyo-Propayl sa Naging Antas ng Kaalaman at Pagtanggap sa mga Pamahiin ng Mag-aaral na Gen Z*

Ipinakikita ng pag-aaral na ito na batay sa mga datos na kinalap at binigyang-pansin, lumitaw na ang sosyo-propayl ng mga respondente na kasarian, espesyalisasyon at lugar ng tirahan ay walang makabuluhang kaugnayan sa antas ng kaalaman sa mga pamahiin tungkol sa hapag-kainan, pagpapatayo ng bahay at pagtulog sa gabi. Kaugnay rin ng mga datos na ito ang hindi pagkakaroon ng makabuluhang ugnayan sa antas ng pagtanggap. Ito ay batay sa isinagawang pagkukwenta ng mga datos sa tulong ng estadistika.

Samantala, tuwiran namang naipakita sa pag-aaral ang pagkakaroon ng makabuluhang kaugnayan ng sosyo-propayl ng mga respondente tulad ng kasarian sa antas ng kaalaman sa paniniwala sa mga pamahiin tungkol sa Patay o Burol. Ipinakikita nito na hindi dapat pagtakhan ang kasarian ng mga babae, dahil ito ang may pinakamalaking bilang ng naiambag sa kung bakit nagkaroon ito ng kabuluhan sa antas ng kaalaman, at sa kadahilanang ang mga babae ay mas malaki ang papel na ginagampanan kapag may patay. Sila ang may maraming partisipasyon tulad ng paghahanda at pag-aayos sa burol, gayundin ang paghahanda ng pagkain. Ito ang madalas na obserbasyon na makikita sa tuwing may patay o burol. Samantala, sinasalungat naman nito ang datos sa antas ng pagtanggap, dahil hindi maiuugnay ang kasarian sa antas ng pagtanggap. Maaaring ipalagay na bagama't alam na ng mga Gen Z na malaki ang partisipasyon ng mga babae sa pamahiing ito, hindi dapat maikahon na hanggang dito lamang ang kayang gawin ng isang babae na ang ganitong gawain ay dapat bukas para sa lahat ng kasarian.

Kaugnay rin ng datos na ito ang pagiging makabuluhan ng kaugnayan ng espesyalisasyon ng mga naging kalahok sa antas ng kaalaman sa mga pamahiin tungkol sa pagsapit ng gabi, ngunit kasalungat sa antas ng pagtanggap na tanging ang sosyo-propayl na lugar ng tirahan, ang rural ang may kaugnayan. Ipinakikita nito na bagama't may kaugnayan ang espesyalisasyon sa antas ng kaalaman, maaaring ipalagay na ito ay bunga ng pagiging kritikal at mulat sa mga kaalamang pinag-uusapan sa mga pamahiin sa loob ng klasrum, ay hindi maipalalagay na ito ay katanggap-tanggap na para sa kanila. Ipinakikita nito ang mga katangian ng Gen Z na may alam, subalit hindi maiwawalay na may kaugnayan pa rin ang lugar ng tirahan, sapagkat mayorya ng mga Gen Z ay mula sa kanayunan. Ayon kina David et al. (2025), ang pagsasabuhay sa pamahiin ng mga Gen Z

© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.

ay nakaugnay sa kaugalian at paniniwala na patuloy na isinasagawa at pinahahalagahan kahit na sa komunidad na kanayunan.

Samantala, tuwiran din napalutang sa pag-aaral na ito na may makabuluhang kaugnayan ang kasarian sa antas ng pagtanggap sa mga pamahiin tungkol sa kasal at gayundin sa pagbubuntis hanggang sa pagkapanganak. Subalit ang mga datos na ito ay sumasalungat sa hindi pagkakaroon ng makabuluhang ugnayan ng kasarian sa antas ng kaalaman sa mga pamahiin tungkol sa kasal at pagbubuntis. Makikita rito na magkaugnay ang dalawang kategorya ng mga pamahiin sa sosyo-propayl ang kasarian. Sa datos mayorya ang kasariang babae. Hindi ito nakapagtataka dahil kahit na salungat sa antas ng kaalaman ay naroon pa rin ang pagtanggap para sa mga babae. Maaaring ang naging batayan ng ganitong paniniwala ay dahil kasangkot ang kanilang kasarian at nauunawaan na hindi madali ang mga pagpapasya tungkol sa pagpapakasal at pagpaplanong pampamilya tulad ng pagbubuntis. Sang-ayon kina Siona at Esculto (2024), bagama't nagbabago ang takbo ng panahon hindi dinidiktahan ang mga pagpapahalaga sa kultura lalo na sa pagpapahalaga sa tradisyon na mahalagang aspekto ng pagkakakilanlan. Ipinakikita rito na mahalaga para sa mga Gen Z na protektahan ang kanilang kapakanan lalo na kung ang pagsunod sa kultura ay makapagdudulot ng kabutihan at mailalayo sila sa kapahamakan.

## Konklusyon at Implikasyon

Natuklasan sa isinagawang pag-aaral ang paglalarawan sa mga naging respondente, ang mga mag-aaral na Gen Z na mahahati sa tatlong bahagi: ang kasarian, espesyalisasyong kinuha, at lugar ng tirahan. Sa kasarian, mayorya ang bilang ng mga babae. Pagdating naman sa kinuhang espesyalisasyon, binubuo ito ng 12 na programa. Sa lugar ng tirahan, mayorya ang galing sa kanayunan. Ipinakikita nito na ang mga datos sa naging pananaliksik ay umikot sa pagkalap ng mga kaugnay na impormasyon na nakatulong upang masiyasat ang kahalagahan nito at kaugnayan nito sa pagsusuri sa kaalaman, pagtanggap at pagpapahalaga sa mga pamahiin.

Natuklasan mula sa pitong kategorya ng mga pamahiin ay nasukat ang pagiging alam ng mga Gen Z sa mga pamahiin. Ang mga ito ay nakita sa kategoryang mga pamahiin para sa hapag-kainan na may mean na 3.02, sa mga pamahiin tugkol sa patay o burol ay 2.92, sa mga pamahiin tungkol sa kasal ay 2.51, sa mga pamahiin tungkol sa pagsapit ng gabi ay 2.51, sa mga pamahiin sa pagpapatayo ng bahay ay 2.52, sa mga pamahiin sa pagtulog sa gabi ay 2.79, at sa mga pamahiin sa pagbubuntis hanggang sa pagkapanganak ay 2.62. Samantala, sa antas ng pagtanggap sa mga pamahiin ay tanging ang tungkol lamang sa hapag-kainan ang katanggap-tanggap para sa mga kalahok; liban dito, ang mga nalalabi ay hindi gaanong katanggap-tanggap. Ipinakikita nito na naging makabuluhan ang pagsukat sapagkat naipakita ang mga antas sa kaalaman at pagtanggap.

Nakabuo rin ng walong tema kung paano binibigyang-halaga ng mga Gen Z ang mga pamahiin na higit pang napalalim ang pag-unawa rito gamit ang teorya ng "Cultural Transmission" ni Stuart Hall bilang gabay at lente sa pagsusuri. Mula rito ay napalutang ang pagbibigay-respeto sa mga pamahiin bilang mekanismo sa paglayo sa masama at pag-iwas sa mali. Ipinakita nito bilang implikasyon na mahalaga ang mga pamahiin. Hindi lamang ito nalalaman, kundi pinahahalagahan din sa kabila ng hindi gaanong pagtanggap.

Naipakita rin ang pagkakaroon ng walang makabuluhang kaugnayan ng mga kasarian, espesyalisasyon, at lugar ng tirahan sa antas ng kaalaman at pagtanggap sa mga pamahiin tungkol sa hapag-kainan, pagpapatayo ng bahay at pagtulog sa gabi. Samantala, may kaugnayan sa antas ng kaalaman sa pamahiin tungkol sa patay ang kasarian, ngunit wala sa antas ng pagtanggap. Ganito rin ang mga pamahiin sa pagsapit ng gabi na ang espesyalisasyon ang may kaugnayan, subalit sa pagtanggap ay wala salungat sa kaugnayan ng lugar ng tirahan sa pagtanggap. Samantala, may kaugnayan naman ang kasarian sa antas ng pagtanggap sa mga pamahiin tungkol sa kasal at pagbubuntis, ngunit wala sa antas ng kaalaman. Ipinahihiwatig nito ang pagkakaiba ng mga kaugnayan ng kasarian, espesyalisasyon at lugar ng tirahan sa antas ng kaalaman at pagtanggap. Nagbibigay ito ng malinaw na implikasyon na ang mga baryabol ay mahalaga sa pag-aaral.

## Pasasalamat

Nais pasalamatan ng may-akda ang mga sumuporta sa pananaliksik na ito unang-una sa mga nagsilbing lupon na sumuri nang makailang-ulit at nagbigay payo para sa mga nararapat na pagwawasto ng papel upang maging ganap na katanggap-tanggap. Nagpapasalamat ang mga mananaliksik sa Research Management Office ng Pampanga State University sa naging inisyatiba upang maisakatuparan ang pananaliksik at pahintulutan ito na maisagawa.

## Pondo

Nakatanggap ang pananaliksik na ito ng karampatang insentibo mula sa Research Management Office ng Pampanga State University para sa pagbuo ng papel at sa internasyunal na presentasyon bilang pagkilala sa mga mananaliksik.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

## Pahayag sa Salungatan ng Interes

Walang bagong datos na nilikha sa pag-aaral na ito ang naidagdag mula sa mga mananaliksik.

## Pahayag sa Pagkakaroon ng Datos

Walang salungatan ng interes ang mga may-akda, sapagkat ang lahat ng mga prosesong legal ay dumaan sa konsultasyon at koordinasyon ng bawat isa. Walang mga pangalan na nadadawit at lahat ay pinoprotektahan mula sa mahigpit na pagtalima sa Data Privacy Act ng 2012.

## Mga Sanggunian

Bautista, C., Guinares, T., Sampol, V., & Tohoy, C. (2020). *Pamahiin sa kontemporaryong panahon at importansya nito sa Gen Z*. Academia.edu. https://www.academia.edu/44041955/Pamahiin_sa_kontemporaryong_panahon_at_importansya_nito_sa_Gen_Z?pop_sutd=false

Besa, A., Abusama, H., Lao, G., Abraham, E., Cruz, F., Duldulao, S., & Perocho, S. (2021). Perceptions of millennials on Filipino superstitious belief. *ASEAN Journal of Science and Engineering Education, 1*(2), 101–104. https://doi.org/10.17509/ajsee.v1i2.33393

David, P. M., Ranit, I. J. P., Florendo, K. H., Enoveso, R. S., Dela Cruz, T. K. A., & Enrile, J. G. (2025). *Pagpapahalagang kultural sa mga kaugalian at paniniwala sa rural at urban*. *EPRA International Journal of Research and Development (IJRD), 10*(5), 265. https://doi.org/10.36713/epra21445

Dela Cruz, J. B., & Manarang, O. Z. (2020). *Ang pagbungkal sa konseptong relihiyon sa talasalitaan ni Bergaño bilang pagtutulay sa kultura-pananampalataya ng mga Kapampangan sa ika-18 siglo*. *Mabini Review, 9*(1), 33–79. https://publishing.pup.edu.ph/ojs/index.php/MabRev/article/download/289/254/835

Emelia, J., Bacongon, J., Batulat, E., Candilado, J., Gayaban, R., & Katalbas, P. (2025, July). *Isang pagsipat sa pamahiin sa pagsusulit para sa mga guro* (Bachelor's thesis, Philippine Normal University Visayas). https://doi.org/10.13140/RG.2.2.15913.71522

Formanes, D., Homeres, F. K., Jacobo, J. M., Esperas, V., Dacuno, A. R., & Cañete, D. M. (2025). *Sosyal midya: Lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural ng mga Gen Z*. *Journal of Education and Society, 5*(1), 85–101. https://www.journals.lnu.edu.ph/index.php/jes/article/view/133

Galdonez, D. P., Licay, W., Buscaino, S. H., Santos, M., Layaoen, A., & Segura, E. (2022). Mga pamahiin sa isang S and T na komunidad: Sipat-siyasat sa karanasan ng mga mag-aaral sa isang science high school. *International Journal of Research Studies in Education, 11*(1), 1–15. https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.b001

Hall, S. (2016). *Cultural studies 1983: A theoretical history* (J. D. Slack & L. Grossberg, Eds.). Duke University Press. https://doi.org/10.2307/j.ctv11cw8wg

Official Gazette of the Republic of the Philippines. (n.d.). *Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas 1987*. https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/

Portillo, G. (2022). *Pagsipat sa mga pamahiing Pinoy: Gabay sa pagkuha ng pagsusulit*. International Journal of Research Studies in Education, *11*(10), 73–79. https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.820

Republic Asia Media. (n.d.). Holy Week folklore: Filipino Gen Z on superstitious belief. *Republic Asia*. https://republicasiamedia.com/generation/holy-week-folklore-filipino-gen-z-on-superstitious-belief/

Sario, M. L. (2017). Gen Z, taglay pa ba nila ang mga tradisyon at kaugaliang Pilipino? *Ang Hamon ng Gen Z*. https://linapnu.wordpress.com

Siona, C. C., & Esculto, G. R. (2024). *Mga pamahiin/paniniwala sa kasal sa seklo ng buhay Surigaonon*. *International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology, 4*(2). https://doi.org/10.48175/IJARSCT-19412

Toyon, M. A. S. (2021). *Explanatory sequential design of mixed methods research: Phases and challenges*. *International Journal of Research in Business and Social Science, 10*(5), 253–260. https://doi.org/10.20525/ijrbs.v10i5.1262

Tirocchi, S. (2023). *Generation Z, values, and media: From influencers to BeReal, between visibility and authenticity. Frontiers in Sociology, 8*, Article 1304093. https://doi.org/10.3389/fsoc.2023.1304093

## Mga Apendiks

Walang kalakip na mga apendiks sa pag-aaral na ito

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*